**Ang gabay na ito ay maaaring may taglay na sensitibong impormasyon kaugnay sa voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay)**

# Gabay sa Talakayan 2: Pagiging marapat: Sino ang dapat maka-access sa voluntary assisted dying?

Ang voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay) ay isang proseso na nagbibigay sa mga marapat na tao ng opsyon na wakasan ang kanilang buhay kung pipiliin nila ito. Ang pagiging marapat ay tumutukoy sa mga pamantayan na magpapasya kung sino ang makaka-access sa VAD. Pinahahalagahan namin ang inyong komento sa pagtukoy ng mga pamantayan para sa pagiging marapat at kung papaano rin maa-access at magagamit ng mga tao ang VAD.

Ang pag-access sa VAD ay para lamang sa mga taong makatutugon sa lahat ng mga pamantayan.

**Kayang makapagdesisyon**
Ang desisyon ng isang tao na um-access sa VAD ay dapat sarili niyang desisyon at hindi desisyong ginawa ng sinuman.

Gayunpaman, sa lahat ng mga estado sa Australya na mayroon nang VAD, ang mga tao na nawalan ng kakayahang makapagdesisyon ay hindi makaka-access sa voluntary assisted dying.

Kailangang tasahin ng isang doktor kung ang isang tao ay malayang makagagawa ng desisyon. Kung sa palagay ng doktor na ang sakit o kondisyon ng isang tao (halimbawa, malalang dementia) ay nangangahulugang ang isang tao ay hindi makakagawa ng desisyon tungkol sa VAD, ang taong iyon ay hindi makaka-access sa voluntary assisted dying.

Nangangahulugan din ito na ang isang tao ay hindi maaaring gumawa ng desisyon bago siya magkaroon ng kondisyon o sakit (halimbawa, isang tao na magbibigay ng pagsang-ayon bago siya maging marapat, ay tatasahin at makaka-access sa voluntary assisted dying makaraang mawalan siya ng kakayahang makapagdesisyon).

Aling modelo ang dapat nating gamitin sa Territory?

**Dumaranas ng isang kondisyon, karamdaman o sakit**
Sa ibang mga lugar sa Australya, para maka-access sa VAD ang isang tao, ang kanyang kondisyon, karamdaman o sakit ay dapat wala nang lunas, lumalala o malamang maging sanhi ng kanyang pagkamatay.

Sa karamihan ng mga estado, ang kondisyon ay dapat ding nagdudulot ng hindi na matiis pang pagdurusa para sa taong humihiling ng VAD.

Sa Tasmania, maaaring maka-access sa VAD ang isang tao kung ang kanyang kondisyon ay nagdudulot ng hindi na matiis pang pagdurusa, kung ang paggamot sa kanya ay nagdudulot din ng hindi na matiis pang

pagdurusa, o kung inaasahan niya na ang kanyang kondisyon o paggamot ay magdudulot ng hindi na matitiis pang pagdurusa sa hinaharap.

**Inaasahang malapit nang mamatay**
Sa lahat ng mga estado sa Australya, maaaring maka-access sa VAD ang isang tao kung siya ay malamang mamatay sa loob ng anim hanggang labindalawang buwan.

Ito ay para ang isang tao ay maka-access lamang sa VAD kung siya ay malapit nang mamatay. Dahil sa mahirap tantiyahin kung kailan malamang mamatay ang isang tao, maaari rin itong mangahulugan na ang tao ay maaaring magdusa at mamatay bago siya ay maituring na marapat para um-access sa voluntary assisted dying. Sa Victoria, ang isang tao ay maaaring (kasama ng karagdagang mga pamantayan sa pagiging marapat) maka-access sa VAD kung ang kanyang sakit, karamdaman o kondisyong medikal ay inaasahang magsasanhi ng pagkamatay sa loob ng anim na buwan (o, sa loob ng 12 buwan, sa kaso ng isang tao na may neurodegenerative na sakit, karamdaman o kondisyon).

Kailan dapat maging marapat ang isang tao para maka-access sa voluntary assisted dying sa Territory?

**Paninirahan sa Northern Territory**
Sa ibang mga lugar sa Australya, dapat maging mamamayan o permanenteng residente ang isang tao upang maka-access sa voluntary assisted dying. Ang ilang mga estado ay nagpapahintulot din sa isang tao na naging residente na sa Australya sa loob man lamang ng 3 sunud-sunod na taon upang maka-access sa VAD.

May mga istriktong tuntunin sa lahat ng mga estado sa Australya upang tiyakin na ang mga tao ay tatasahin sa pagiging marapat para sa VAD sa tamang estado. Ang isang tao ay dapat maging mamamayan o permanenteng residente ng Australya, at nakapanirahan na sa estadong iyon sa loob man lamang ng 12 buwan bago humiling ng pag-access sa VAD.

Sa ilang mga estado, maaaring maggawad ng iksemsyon sa residensya (residency exemption) kung ang tao ay may mahalagang ugnayan sa estado at mayroong mga mapandamay na dahilan sa paggawad nito. Mahalaga ito sa mga kaso kung saan ang tao ay mayroong ugnayang pampamilya o pangkultura sa NT at gusto niyang maka-access sa VAD sa NT, bagama't siya ay naninirahan sa ibang estado.

**Edad**
Sa ibang mga bahagi ng Australya, ang pag-access sa VAD ay limitado sa mga nasa hustong gulang na may edad na 18 taon pataas. Nangangahulugan ito na ang isang 17 taong gulang na tumutugon sa lahat ng mga pamantayan sa pagiging marapat ay hindi makaka-access sa VAD.

Nais naming marinig ang inyong opinyon kung paano namin matitiyak ang patas na paggamot para sa mga kabataan na dumaranas ng pagdurusa, isasaalang-alang ang kanilang kakayahan sa paggawa ng desisyon, at anong mga pamamaraan ang dapat pairalin kung matutugunan nila ang lahat ng mga pamantayan sa pagiging marapat para sa VAD.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa VAD at magbahagi ng inyong komento, pumunta sa cmc.nt.gov.au/vad